

# Magpasuri para sa Love, LTBI Yakapin ang Kalusugan at Protektahan ang mga Minamahal

Ang **Latent Tuberculosis Infection (LTBI)** ay may pagkakataon na mahawaaan ang mga taong pinakamamahal mo sa sandaling magkaroon ka ng tuberculosis (TB). Huwag mag-alala! Nagagamot ang LTBI!

Upang maprotektahan ang ating pamilya, mangyaring maglaan ng oras upang labanan ang mga mikrobyo habang sila ay natutulog pa. Walang kailangang gastusin sa pagkuha ng LTBI test. Ang pagtanggap ng kumpletong paggamot ay maaari ding makabawas sa posibilidad na magkasakit sa TB ng higit sa 90%, at mabisang makakaiwas sa pagdurusa ng katawan dulot ng pag-inom ng maraming gamot na anti-tuberculosis.

Huwag nang mag-atubili, makipag-ugnayan kaagad sa health bureau o health center ng iyong county o lungsod para mag-sign up para sa programang pang-kalusugan! !

Narinig mo na ba ang **Latent Tuberculosis Infection (LTBI)**?

Ang Mycobacterium tuberculosis ay nabubuhay sa loob ng katawan ng tao at kadalasa'y wala itong sintomas, ngunit ito ay nagdudulot ng lagnat at ubo... Bukod sa nakakaapekto ito sa trabaho o sa pang-araw-araw na pamumuhay, maaari rin itong maipasa sa malalapit na miyembro ng ating pamilya! Nagsisimula ang pagmamahal sa ating pamilya sa pangangalaga sa ating sariling kalusugan!



Organizer:

Hotline para sa Konsultasyon:



# 3 hakbang ng pagmamahal upang ma- padali ang pag-protakta sa ating mga mahal sa buhay

STEP 1

## Kilalanin ang Latent Tuberculosis Infection (LTBI)

Maaaring mahawaan ng Mycobacterium Tuberculosis na sanhi ng tuberculosis (TB) ang mga tao nang hindi nila ito nalalaman. Pagkatapos mahawaan, papasok sila sa yugtong kung saan nakatago ang TB. Ang yugtong ito ay tinatawag na "Latent Tuberculosis Infection o LTBI". Sa hinaharap, maaaring lumabas ang nakakahawang sakit na "tuberculosis" dahil sa stress, pagbubuntis, iba pang karamdaman na nagpapahina sa katawan ng tao. Kung kaya't, dapat nating sugpuin ang TB habang ito ay natutulog pa! Huwag hintayin na ikaw ay magkasakit at magdusa o mahawa ang iyong mga mahal sa buhay!

### Tuberculosis (TB)

### Latent tuberculosis infection (LTBI)

Mga Sintomas

pag-ubo, pananakit ng dibdib, pagbaba ng timbang, pagkaramdam ng pagod, kawalan ng gana, lagnat, atbp.

Wala

Impeksyon

Naililipat ito sa mga miyembro ng pamilya o malalapit na kontak na nakatira sa parehong bahay o kuwarto ng pasyente sa pamamagitan ng mga droplet o hangin.

Hindi ito nakakahawa, ngunit may 5-10% panghabambuhay na pagkakataong magkakaroon ka ng TB.

Paggamot

Lubos na bababa ang pagiging nakakahawa nito Pagkatapos uminom ng gamot ng 2 linggo. Ngunit, kinakailangan pa rin ang tuloy-tuloy na pag-inom ng gamot sa loob ng 6 hanggang 9 na buwan para tuluyang gumaling.

Mayroong iba't ibang mga maikling programa ng paggamot na maaaring piliin, at magbibigay ang doktor ng naaangkop na reseta ayon sa indibidwal na kalagayan.

Ang pagkumpleto ng paggamot ay maaaring epektibong mabawasan ang posibilidad na magkaroon ng sakit ng higit sa 90%.

May malubhang side effects ang paggagamot.

STEP 2


## Mag-sign up kaagad para sa Programang Pangkalusugan Para sa Mga Bagong Residente

Mula ngayon, ang mga taong hindi pa nakakatanggap ng paggamot para sa TB o sa LTBI ay hinihikayat na kaagad na sumali sa programang ito at sabay na iuwi ang kalusugan at regalo sa bahay!

STEP 3

## Napaka-simple ng pagsusuri at paggamot, at mayroon pang espesyal na nakatalagang tao na sasamahan ka

Kukuha lamang ng 4c.c. na dugo at malalaman ang resulta pagkalipas ng mga 1-2 linggo



1. Sundin ang mga nakatakdang appointment sa doktor para sa follow-up na konsultasyon.
2. Ang mga sasailalim sa maikling gamutan ay kinakailangang sumali sa serbisyong "DOPT" ng sentro ng pampublikong kalusugan, kung saan ay bisual na titingnan ng tagapangalaga ang pag-inom mo ng gamot at tutulong sa anumang problema na makakaharap mo sa panahon ng gamutan.



## Kung makaramdam ng mga sumusunod sa panahon ng paggagamot

Pagkahilo	Pangangati o pantal sa balat	Paninilaw ng mga puti ng mata at balat	Walang ganang kumain
Lagnat	Sakit sa kanang itaas ng tiyan		
Nasusuka	Pamamanhid sa kamay at paa	Acute na allergic reaction	

Mag-kusang-loob na sabihin sa tagapangalaga o sa healthcare staff ng health center, upang masuri nila kung kinakailangang bumalik sa klinika sa madaling panahon at mabigyan ng doctor ng karapatang lunas.